

PAANO GUMAGANA ANG WA NOTIFY

Ang Washington Exposure Notification (WA Notify) ay isang mahalagang tool na tutulong na mahinto ang pagkalat ng COVID-19. Gaya ng pagsusuot ng mga mask, pagdidistansya at pagpapabakuna, ang WA Notify ay isang napakahusay na paraan para protektahan ang ating komunidad.

Gumagana ang WA Notify sa pamamagitan ng mga smartphone, nang hindi nagbabahagi ng anumang personal na impormasyon, para ialerto ang mga gumagamit kung sila ay maaaring nalantad sa COVID-19. **Ganap itong pribado, at hindi nalalaman o sinusubaybayan kung sino ka o saan ka pumupunta.**

Ipinapakita sa mga pag-aaral na kapag mas maraming tao ang gumagamit ng teknolohiya ng notipikasyon sa pagkalantad, mas malaki ang benepisyo. Ipinapakita ng mga modelo ng datos sa estado ng Washington na kahit ang maliit na bilang ng mga taong gumagamit ng WA Notify ay makababawas ng mga impeksyon at pagkamatay.

IDAGDAG ANG WA NOTIFY SA IYONG TELEPONO

Sa isang iPhone:

1. Pumunta sa Mga Setting
2. Mag-scroll pababa hanggang sa Exposure Notifications
3. I-click ang "Turn On Exposure Notifications"
4. Piliin ang United States
5. Piliin ang Washington

Sa isang Android phone:

1. Sa Android phone, pumunta sa [Google Play Store](#)
2. Hanapin ang WA Exposure Notifications para madaling mahanap ang app
3. I-Download ang app na Washington Exposure Notifications



KAPAG NAIDAGDAG MO NA ANG WA NOTIFY SA IYONG TELEPONO

Narito kung paano ito gumagana upang tumulong na maiwasan ang pagkalat ng COVID-19.

1

Kapag magkalapit sa isa't isa ang dalawang taong gumagamit ng WA Notify sa kanilang mga smarphone, ang kanilang mga telepono ay magpapalitan ng mga random code gamit ang Bluetooth. **Ang mga code ay ganap na anonimo, walang tracking ng lokasyon o palitan ng personal na impormasyon.**

2

Ang magandang balita ay ang walang balita. Kung may nasusuring positibo sa COVID-19 sa pamamagitan ng pagsusuri na kumpirmado ng laboratoryo, magpapadala sa kanila ang pampublikong kalusugan ng mensahe sa text para sa link ng beripikasyon at/o pop-up na notipikasyon. Bilang kahalili, ang isang gumagamit ay maaaring humingi ng verification code para sa isang positibong pagsusuri sa bahay.

3

Ang taong nasuring positibo ay nag-i-click **sa link** o nagta-tap sa notipikasyon at **sinusunod ang lahat ng hakbang** upang kumpirmahin ang kanilang resulta sa app.

4

Ang mga gumagamit ng WA Notify ay tumatanggap ng isang notipikasyon na sila ay maaaring nalantad sa COVID-19 kung nalapit sila at posibleng nalantad sa isang hindi kilalang **gumagamit ng WA Notify na kamakailan ay nasuring positibo sa COVID-19.**

5

May link ang mga notipikasyon sa impormasyon tungkol sa ano ang susunod na gagawin para protektahan ang iyong sarili at ang iba. **Hindi naglalaman ang mga ito ng anumang impormasyon tungkol sa kung sino ang nasuring positibo o kung saan maaaring nangyari ang pagkalantad.**